


**PAGLAPIT SA PRESENSIYA NG DIYOS**



**Review** – Paano nagsisimula ang mga prayer meetings sa Bible?

Sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_.

**Kailangang Maging Malapit sa Diyos sa Prayer Meeting.**

1. Kailangang mailapit natin ang ating sarili sa Diyos kapag nananalangin. Ayon kay Jesus sa Juan 15:5, “Kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.” Sa v. 7 naman ay binanggit niya, “Kung kayo’y mananatili sa akin, at ang mga salita ko’y mananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito’y gagawin para sa inyo.” “Wala” laban sa “anumang inyong nais.” Naiisip mo ba ang laki ng kaibahan nito? Kung hindi tayo nakalapit sa Diyos walang mangyayari sa panalangin natin. Kung tayo’y nakalapit naman, ang panalangin ay magreresulta sa kamangha-manghang sagot ng Diyos.
2. Nangyayari ang paglapit na ito sa Diyos kung magkakaroon tayo ng pananaw na katulad ng sa kanya, dadalhin ang ating mga naisin na nakaayon sa kanyang naisin, magpapasakop sa kanyang kalooban, at pakikinggan ang mga sinasabi niya. Ipinapakita ito sa Mateo 20:17-21. Malinaw na itinuro ni Jesus sa kanila na siya’y ipapako sa krus. Ang naging tugon dito ni Juan at Santiago ay ang paghiling sa kanya na paupuin sila sa kanyang kanan at kaliwa. Malinaw na hindi sila naging malapit sa Diyos. Ipinapakita sa Lukas 12:1-14 ang isa pang kaso ng hindi pagiging malapit sa Diyos. Kabaligtaran nito ang 1 Hari 18:36-37 na naglalarawan ng kapangyarihan ng panalangin ng isang taong matuwid na naging malapit sa Diyos.

**Paano Maging Malapit sa Diyos**

1. Upang maging malapit kailangan mong ilipat ang iyong pagtingin sa sarili mo patungo sa pagtingin sa Diyos. Nang malaman ni Juan at Santiago na si Jesus ang Mesias, dali-dali nilang pinag-isipan kung paano ito nakaapekto sa buhay nila. Ang mga inisip nila ay ang mga bagay na may kinalaman sa sarili nila. Ang pagiging makasarili nila ay dapat baguhin. Bago maging malapit sa Diyos, dapat maging malayo sa pagtingin sa sarili. Sa Gawa 4:23-31 kasama si Juan na nanguna sa panalangin. Ang laking pagbabago! Kahit na saktan sila at bugbugin hanggang mamatay, ang pakialam lang niya ay maipagpatuloy na maipangaral ang pangalan ni Jesus. Nalugod ang Diyos at pinuspos sila ng kanyang Espiritu, binigyan ng katapangan, at yumanig ang lugar na pinagtitipunan nila. Ang laki ng naging pagbabago kung ihahalintulad sa mga naunang *attitude* nila.
2. Ang pagkakaroon ng pag-iisip na nakatuon sa Diyos ay karaniwang nagsisimula sa pagbabago ng isipan at nagiging kumpleto kapag ang iniisip ay matanim na sa puso. Sa Lukas 9:44 nakita nila ang ginagawa ng Diyos sa pagpapalayas ng isang demonyo, ngunit hindi nila naunawaan ang tungkol sa krus dahil ang kanilang mga isipan ay kulang sa pang-unawa. Kaya naman nagsisimula ang ating prayer meeting sa pamamagitan ng Biblia, patotoo, pag-awit, pagpupuri, atbp. Sinisikap nating ituon sa Diyos ang ating mga isipan upang maunawaan natin ang kaniyang mga gawa at layunin sa ating mga buhay.

**Oras ng Panalangin**

Nasiyasat mo ba ang iyong puso nitong mga nakaraang araw? Gaano karaming oras ang ginugol mo sa pag-iisip ng tungkol sa iyong mga pangarap, mga naisin, mga pananalapi, atbp. kung ikukumpara ito sa oras na ginugol mo sa pag-iisip ng mga bagay patungkol sa Diyos? Maglaan ngayon ng panalangin na magbabaling ng iyong puso patungo sa kanya.



1. Matapos ituon ang isip sa Diyos at siyasin ang iyong puso, ipanalangin ang iyong request at ang church request.

My personal prayer request:	Our church prayer request:
-----------------------------	----------------------------

2. Ipanalangin din ang iba pang mga kahilingang nasa iyong puso ngayon.

<sup>1</sup> Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at [http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF\\_PDF\\_PrayerMeetingGuide\\_Franklin.pdf](http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf)).